# Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

**SAPAGKAT**, ang monkeypox ay isang bihira, ngunit potensyal na malubhang sakit na sanhi ng virus, na dulot ng monkeypox virus, na may paunang mga sintomas na mala-trangkaso at pamamaga ng mga kulani, at lumalala sa ilang medikal na komplikasyon, kabilang ang pantal sa mukha at katawan; at,

**SAPAGKAT**, ang monkeypox virus ay naililipat sa mga tao sa pamamagitan ng malapitang kontak sa tao o hayop na may impeksyon, o sa materyal na kontaminado ng virus, tulad ng malapitang kontak sa mga sugat, likido ng katawan, talsik ng laway sa matagalan na malapitang pakiki-salamuha, at mga kontaminadong materyal tulad ng punda, kumot at kobre-kama, mga tuwalya o damit; at,

**SAPAGKAT**, ang virus ay maaaring magdulot ng pananakit at matinding komplikasyon, lalo na sa mga taong mahina ang imunidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 17, 2022, kinumpirma ng Estados Unidos ang unang kaso ng monkeypox sa bansa sa Massachusetts, at noong Setyembre 28, 2022, may 25,341 na kumpirmadong kaso sa lahat ng 50 Estado, Puerto Rico at sa Distrito ng Columbia; at,

**SAPAGKAT**, inanunsiyo ng Illinois Department of Public Health at ng Chicago Department of Public Health ang unang ipinagpalagay na kaso ng monkeypox sa Illinois noong Hunyo 2, 2022; at,

**SAPAGKAT**, noong Setyembre 28, 2022, natukoy ang 1,305 kaso ng kumpirmado o hinihinalang monkeypox virus sa Illinois, at mas marami pang kaso ang inaasahan sa hinaharap; at,

**SAPAGKAT**, ang Illinois sa kasalukuyan ang may ika-6 na pinakamaraming kaso sa Estados Unidos; at,

**SAPAGKAT**, ang napakalaking bahagdan ng mga kaso sa Illinois ay kinabibilangan ng mga lalaking nasa hustong gulang; at,

**SAPAGKAT**, noong Hulyo 23, 2022, idineklara ng Direktor-Heneral ng World Health Organization na pandaigdigang emerhensiya sa pampublikong kalusugan ang paglaganap ng monkeypox sa iba't ibang bansa; at,

**SAPAGKAT**, noong Agosto 1, 2022, dahil sa banta ng monkeypox virus, idineklara ko ang lahat ng county sa Estado ng Illinois bilang lugar ng sakuna; at,

**SAPAGKAT**, noong Agosto 30, 2022, dahil sa patuloy na banta ng monkeypox virus, idineklara ko ang lahat ng county sa Estado ng Illinois bilang lugar ng sakuna; at,

**SAPAGKAT**, noong ika-4 ng Agosto, idineklara ng White House ang monkeypox bilang isang Emerhensiya sa Pampublikong Kalusugan na may proklamasyon na magpapatuloy hanggang Nobyembre 2, 2022; at

**SAPAGKAT**, sa pagkakaroon ng monkeypox sa 106 na bansa sa buong mundo, nakikipagtulungan at kumokonsulta ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) sa ibang mga bansa na may mga kaso ng monkeypox; at,

**SAPAGKAT**, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, tinutugunan ng Illinois ang sakuna sa pampublikong kalusugan dulot ng monkeypox virus sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga specimen sa mga laboratoryo ng IDPH; koordinasyon ng pamamahagi at paghahatid ng mga bakuna at gamot sa monkeypox; pangongolekta at pagsusuri ng mga datos at pagbabahagi ng detalyadong impormasyon sa mga lokal na departamento ng kalusugan, ibang mga Estado at sa CDC tungkol sa mga kaso at mga taong nalantad; pagbibigay ng patnubay sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa diagnosis, pagsusuri, at paggamot sa mga tao na pinaghihinalaang may monkeypox at paglikha ng pampublikong pagmemensahe tungkol sa monkeypox virus para maprotektahan ng mga mamamayan ang kanilang sarili at ang iba mula sa pagkahawa sa pamamagitan ng maagang pagtukoy, paggamot, pagbabakuna, at pagsasagawa ng mga hakbang sa pag-iwas; at,

**SAPAGKAT**, nilalayon ng mga pagsisikap ng Estado ng Illinois na palawakin ang pagkakaroon ng bakuna para sa mga indibidwal na nasa panganib ng impeksyon at gawing mas madaling ma-akses ang pagsusuri para sa mga tagapangalaga ng kalusugan at mga pasyente sa buong Estado; at,

**SAPAGKAT**, kailangang pangasiwaan ng Estado ng Illinois ang angkop na transportasyon ng mga bakuna at gamot sa mga lugar ng pamamahagi sa buong Estado para magbigay ng paggamot sa mga bagong nahawahan sa lalong madaling panahon kasama ng pag-abot sa mga pinakaapektadong populasyon; at,

**SAPAGKAT**, nagpadala ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos ng 14,298 dosis ng Jynneos na bakuna sa monkeypox sa Estado ng Illinois, at 40,109 sa Lungsod ng Chicago, at 1,500 dosis sa iba pang mga provider sa Illinois at inaasahan ang pagdating ng mas marami pang dosis ng bakuna sa malapit na hinaharap; at,

**SAPAGKAT**, mabisa ang mga bakuna sa monkeypox sa pagbawas ng impeksiyon ng monkeypox virus bago at ilang sandali pagkatapos ng pagkakalantad; at,

**SAPAGKAT**, nananatiling limitado ang suplay ng mga bakuna batay sa pamantayan ng elihibilidad at dapat unahin ng Estado ang pamamahagi ng mga suplay ng bakuna para matiyak na mabigyan ng unang dosis ang mas maraming indibidwal hanggang maaari sa lalong madaling panahon bago mabigyan ng pangalawang dosis ang mga indibidwal hanggang sa magkaroon ng mga karagdagang suplay; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na mayroong maraming kumplikadong mga kaso (halimbawa: mga kaso sa kabataan, mga buntis, mga kaso sa kolehiyo/unibersidad na may malaking bilang ng pagkakalantad at/o paglalakbay mula sa ibang mga Estado, atbp.) na nangangailangan ng mas maraming rekurso ng IDPH at Lokal na Departamento ng Kalusugan para agarang makatugon; at,

**SAPAGKAT**, ang pagiging nakakahawa ng monkeypox virus ay nagdudulot ng seryosong banta ng pagkalat sa loob ng mga magkakalapit na tuluyan, tulad ng mga komunal na setting ng pangangalaga, silid-aralan, dormitoryo, pasilidad na pang-koreksyonal, group home, kanlungan para sa mga walang tirahan, at pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga; at,

**SAPAGKAT**, ang mga unibersidad, isang lugar na may mas mataas na panganib ng transmisyon, ay nagpatuloy sa in-person na pag-aaral para sa fall semester. Maaaring maghanda ang mga

institusyon ng mas mataas na edukasyon (IHE, para sa akronim nito sa Ingles) sa pamamagitan ng pag-unawa sa patnubay sa mga komunal na setting at pagtiyak na alam ng kanilang student health center ang patnubay para sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan; at,

**SAPAGKAT**, habang patuloy na nagbabago ang mga pangyayari kaugnay sa paglaganap ng monkeypox virus, kabilang ang mga pagbabago sa elihibilidad sa bakuna, mga kapamaraanan sa pagbibigay ng bakuna, at pagkakaroon ng mga suplay, ang Illinois Department of Public Health at Illinois Emergency Management Agency ay patuloy na nagtutuon ng mahahalagang rekurso sa pagtugon sa monkeypox virus, at ang mga pagsisikap na ito ay dapat ipagpatuloy para pigilan ang monkeypox virus sa patuloy na pagkalat nang mabilisan sa Illinois; at,

**SAPAGKAT**, batay sa mga nabanggit na katotohanan, at pagsasaalang-alang sa mabilis na pagkalat ng monkeypox virus at ang patuloy na mga epekto nito sa kalusugan na madarama sa buong Estado, ang mga nangyayari ngayon sa Illinois kaugnay ng paglaganap ng monkeypox ay maituturing na emerhensiya sa epidemya at pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act (IEMA Act); at,

**SAPAGKAT,** ang mga pangyayaring kaugnay ng monkeypox virus ay nagresulta sa paglitaw o banta ng malawakang impeksyon at potensyal na pagkawala ng buhay sa ilalim ng Seksyon 4 ng IEMA Act; at,

**SAPAGKAT**, makatutulong ang proklamasyong ito sa mga ahensya ng Illinois sa koordinasyon ng mga rekurso ng Estado at Pederal, kabilang ang mga materyal na kinakailangan sa pagsusuri sa monkeypox virus, at pamamahagi at paghahatid ng mga suplay ng bakuna at gamot, at pagdaragdag ng tauhan, para suportahan ang tugon ng Estado gayundin ang tugon ng mga lokal na pamahalaan sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, makatutulong din ang proklamasyong ito sa mga ahensya ng Illinois sa koordinasyon ng mga pondo ng Estado at Pederal para sa pagbangon; at,

**SAPAGKAT,** may legal na batayan ang mga kondisyong ito sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act para sa pagpapalabas ng proklamasyon ng sakuna batay sa emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, nakasaad sa Konstitusyon ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8 na "taglay ng Gobernador ang pinakamataas na kapangyarihang tagapagpaganap, at pananagutan niya ang tapat na pagpapatupad ng mga batas," at ipinahahayag, sa Preamble, na isang pangunahing layunin ng Konstitusyon ng Illinois ang "paglaan para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao";

**DAHIL DITO**, sa interes na matulungan ang mga mamamayan ng Illinois at mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak ng kalusugan at kaligtasan ng publiko, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay ipinahahayag ang sumusunod:

**Seksyon 1.** Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, pinatutunayan kong may sakuna sa Estado ng Illinois dahil sa emerhensiya sa pampublikong kalusugan dulot ng monkeypox virus at idinedeklarang mga lugar ng sakuna ang lahat ng county sa Estado ng Illinois. Pinahihintulutan ng proklamasyon ang paggamit ng lahat ng kapangyarihang pang-emerhensiya alinsunod sa Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, kabilang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

**Seksyon 2.** Inaatasan ang Illinois Department of Public Health at Illinois Emergency Management Agency na makipag-ugnayan sa isa't isa kaugnay sa pagpaplano at pagtugon sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 3.** Inaatasan din ang Illinois Department of Public Health na makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad, kabilang ang mga lokal na awtoridad sa pampublikong kalusugan, sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano sa pangangalaga ng pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagpapababa at pagpigil sa paglaganap ng monkeypox virus kaugnay ng kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 4.** Inaatasan ang Illinois Emergency Management Agency na ipatupad ang State Emergency Operations Plan para maisaayos ang mga rekurso ng Estado para matulungan ang mga lokal na pamahalaan sa mga operasyon sa pagtugon at pagbangon mula sa sakuna.

**Seksyon 5.** Para makatulong sa mga pagbili ng mga kinakailangan sa pagtugon sa emerhensiya at iba pang kapangyarihang pang-emerhensiya sa ilalim ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code na sa anumang paraan ay pipigil, hahadlang o mag-aantala sa kinakailangang aksyon para mabawasan at mapigilan ang paglaganap ng monkeypox virus at makakuha ng mas maraming bakuna at gamot ay sinususpinde hanggang hindi ito hinihingi ng pederal na batas. Kung kinakailangan, at alinsunod sa Seksyon 7(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(1), ang Gobernador ay maaaring magsagawa ng angkop na ehekutibong aksyon na nagsusupinde sa mga karagdagang batas, kautusan, tuntunin, at regulasyon.

**Seksyon 6.** Alinsunod sa Seksyon 7(3) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(3), pinagagana ng proklamasyong ito ang awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, na ilipat ang direksyon, tauhan o tungkulin ng mga departamento at ahensya ng Estado o mga yunit nito para maisagawa o mapadali ang mga programa sa pagtugon sa emerhensiya.

**Seksyon 7.** Mapapabilis ng proklamasyong ito ang kahilingan sa pederal na tulong pang-emerhensiya at/o pangsakuna kung kinakailangan.

**Seksyon 8.** Ang proklamasyong ito ay kaagad na ipatutupad at mananatiling may bisa sa loob ng 30 araw.

**Bilang Patunay sa Lahat ng Ito**, *lumalagda ako at itinatatak ko ang Dakilang Selyo ng Estado ng Illinois.*

*Isinagawa sa Kapitolyo sa Lungsod ng Springfield, ngayong ika-29 ng Setyembre sa Taon ng Ating Panginoon, dalawang libo at dalawampu't dalawa, at ng Estado ng Illinois dalawang daan at apat.*

KALIHIM NG ESTADO GOBERNADOR